Humanities Diliman (July-December 2017) 14:2, 121-152

# Usbong na Pagtatáya: Tangka sa Pagpapalawig sa Katuturan ng Sosyolohiya sa Pilipinas (*Usbong na Pagtatáya*: Assessing the Affordance of Sociology in the Philippines)

**Dennis S. Erasga**
De La Salle University

## ABSTRACT

The affordance of sociology implicates not only the "functionality" (Fil. *gamit*) element, but embraces the dimension of "relevance" (Fil. *katuturan*). Henceforth, the germaneness of sociology as a discipline in exploring Philippine social realities and in making sense of the Filipino actions and interactions can no longer be gauged in terms of casual invocation/legitimation of its (Western) discursive trappings. The usefulness of sociology can only be realized if it is used as a perspective and such requires a reflective stance on the whole praxis of appropriating the practices, protocols, and principles of the Eurocentric sociology. As a corollary issue, the paper investigates the ambivalence that characterized the disciplinal identity of sociology—an identity simultaneously forged by the literary and scientific traditions during the Industrial Revolution period. Filipino sociologists, however, can exploit this ambivalent identity to launch a sociology that is both faithful to the demands of the individual experiences of Filipinos and fateful to their collective history. The Filipinos' *pakikipagkapuwa* is used as a tool to lift the ideological veil that shrouds the very practice of "theorizing" in the social sciences in the country, and at the same time, to present an effective example of the unique affordances of an autonomous sociology that thrives in the Philippines.

Keywords: Reflective sociology, Sociology, social theory, literature, pakikipagkapuwa

ISSN 1655-1532 Print / ISSN 2012-0788 Online

## PAGPAPALAWIG NG SOSYOLOHIYA: ISANG USAPIN NG KATUTURAN NG DISIPLINA

Ang pagiging banyaga ng pinanggalingan (*origin*) at konteksto (*birthplace*) ng Sosyolohiya ang dalawa sa pinakamabigat na dahilan kung bakit tinitingnan nang may pag-aalinlangan ang katuturan nito sa mga sitwasyon at kaganapang malayo ang agwat sa naturang pinanggalingan at konteksto (Erasga, *"Pakiramdaman"* 82). Ang usapin ng "katuturan" ay hindi dapat balewalain o ipagkibit-balikat sapagkat nakaugat sa usaping ito ang pangkalahatang kabuluhan ng disiplina kung ito ay inaasam na maging kapaki-pakinabang at magkaroon ng tunay na tatak Filipino. Sangkot sa usapin ng katuturan ang tahakang implikasyon sa pakinabang ng mga susing-panuntunan nito bilang kasangkapan sa pagpapaunawa sa realidad ng sitwasyon at pangyayaring panlipunan sa buhay ng mga Filipino.

Ang lantad na kahulugan ng salitang "katuturan" ay nagmumungkahi ng limang katangian: layunin (*purpose*), diin (*point*), dahilan (*reason*), gamit (*function*), kahihinatnan (*end*), at kahalagahan (*advantage*). Kung susumahin ang esensiya ng limang katangian, dalawang dimensiyon ang maaaring lumitaw: ang dimensiyon ng "gamit" (*functionality*) at ang dimensiyon ng "kabuluhan" (*relevance*) (Nigg 41). Ang unang dimensiyon ay tumutukoy sa praktikal na pakinabang kung kaya ito ay sinusukat gamit ang listahan ng mga pakinabang (hal. *function* at *advantage* sa listahan sa itaas). Ang pangalawang dimensiyon ay umuungkat sa aspekto ng kahalagahan, kung kaya't maliban sa gamit (*function*), ang apat na katangian sa listahan ang sumasalamin dito. Kung gayon, ang katuturan ay nagbabadya ng higit na mataas na kalidad ng pagpapasinaya sa mga inaasahang pakinabang ng Sosyolohiya.

Subalit sa kasalukuyang kalagayan ng Sosyolohiya sa bansa, ang pagkakabuhol ng dalawang dimensiyong ito ay unti-unting nakakalas. Sa maikling salita, ang pagpapasinaya sa pakinabang ng Sosyolohiya ay lubos na natuon sa dimensiyon ng gamit. Ang dimensiyon ng kabuluhan ay naging palamuti sa pangkalahatang pagtatáya sa gamit ng Sosyolohiya sa Pilipinas. Ang kolonyal na edukasyong bitbit ng mga pensiyonado mula sa kanilang pag-aaral sa Amerika (David 15), ay isa sa mga dahilan ng pag-inog ng ganitong sitwasyon sa disiplina sa bansa. Ang paghulagpos ng dimensiyon ng gamit mula dimensiyon ng kabuluhan ay may kaakibat na hamon sa integridad ng disiplina bilang isang makapangyarihang pananaw. Ang usaping ito ang magiging buod ng kasalukuyang artikulo. Uugatin ang simula ng paghulagpos at ang ligalig na iniluwal ng penomenong ito sa pangkalahatang praktis ng Agham Panlipunan sa Pilipinas at partikular sa kabuluhan ng Sosyolohiya bilang pananaw. Sa huli, mag-aalay ang artikulo ng mga pagninilay tungkol sa mga hakbang na maaaring isagawa upang mapanumbalik hindi lamang ang sigla ng pagtangkilik sa Sosyolohiya, kundi

pati ang paglalapat ng katwiran sa kabuluhan nito bilang paggalang na rin sa kritikal na tradisyong nagluwal dito.

Sa isang pagsipat, ang pagkakakalas ng buhol ay tinuldukan sa pagpasok ng siyensiya sa eksena. Sa aking hinuha, binago ng siyensiya ang pangkalahatang oryentasyon at epistemolohiya ng Sosyolohiya—sitwasyong kapansin-pansin lalo't higit sa larangan ng paglikha ng karunungan na ang pinakalundo ay ang masugid na pangangailangan ng pagsangguni sa positibistang pananaw at paggamit ng *scientific method* (Zima 48). Ang masungit na pangagailangan sa hindi napapasubaliang katunayan bilang tatak ng lehitimong karunungang nililikha ay nagsasangkot sa usapin ng epistemolohiya na may kiling sa kahalagahan ng empirikong datos. Ang pagpasok ng siyensiya, kumbaga, ay naghudyat ng pagbabago sa paniniwala at pananaw sa kung ano ang "totoong karunungan" at kaugnay nito, ano ang "tama" o "maling" pamamaraan sa paglikha ng nabanggit na uri ng karunungan (Erasga, "*Pakiramdaman*"81-91).

Paglilinaw lang: Hindi ko lubusang itinatatwa ang tapat at marangal na adhikain sa likod ng mga "tangka" sa pagtatáya sa mga pangako at potensiyal ng Sosyolohiya (lalo't higit sa konteksto ng paggamit ng positibistang pananaw at pamamaraan). Napatunayan na ang praktikal na pakinabang ng mga kaalamang naging bunga ng mga pag-aaral sa ilalim ng ganitong pamantayan. Noon pa man (at maging sa kasalukuyan) may mga pagkilos sa bansa na nagsusulong sa "paggamit" sa Sosyolohiya bilang lente ng pagsilip sa mga usaping panlipunan sa bansa at bilang arsenal sa pagtataguyod ng mabisa at epektibong pag-aaral ng Filipinong pagkilos at sa dinamiko ng kanilang ugnayan. Ang dami, lawak at tutok ng mga nalimbag na artikulo, mga aklat at kaugnay na lathalain na isinulat lalo na ng mga prominenteng kasapi ng komunidad ng mga Filipinong sosyolohista ay katunayan ng umiiral na silakbo ng interes sa inaasahang ambag ng disiplinang ito sa paglalabas ng karunungan salig sa kulturang Filipino (Erasga at Duaqui 3). Sa susunod na mga pahina, tatalakayin ang pakinabang ng pagtatáya sa kabuluhan ng Sosyolohiya, una, sa gawain at buhay (*epistemic lifestyle*) ng mga Tagapagsanay nito (mga sosyolohista at mga taong umaako sa ganitong kasanayan), at pangalawa, sa kalidad ng pagpapaunawang kanilang maihahandog para sa kapakinabangan ng nakararaming Filipino. Ang pagtatáya ay magbubunga lamang ng ganitong adbokasiya kung lilinangin ang Sosyolohiya higit bilang isang pananaw at isang kalidad ng pag-unawa.

## SOSYOLOHIYA BILANG DISIPLINANG PANANAW

Ang konsepto ng disiplina, sa isang pagsipat, ay maaaring unawain bilang isang mohon. Ang mohon ay pananda na nagbibigay ng kaukulang hudyat sa "hanggahan" ng isang

teritoryo at sa "hugpungan" ng marami at iba-ibang teritoryo. Sa konteksto ng paglikha ng karunungang panlipunan, ang konsepto ng hanggahan at hugpungan ay kapuwa taliwas sa kaakuhan ng Sosyolohiya dahil higit na binibigyang halaga ng ganitong pagtatáya ang hanggahan kaysa maaaring patunguhan ng pananaw—sa ibang salita, ang limitasyon kaysa pagkakataon. Ang pagkahirati sa pagkilos (at maging sa pag-iisip) sa loob at gilid ng hanggahan ay makikita sa relihiyosong pagkikimkim sa mga linang na teorya, konsepto, at metodo ng disiplina na tila hindi matitinag na katotohanan. Mapapansin na ang pagkalusaw ng sinerhiya ng konsepto ng katuturan ay lutang na lutang sa pangkalahatang atityud tungo sa pagtataguyod ng pananaliksik—sa mababaw, malabnaw, at mekanikal na pagsangguni sa likhang teorya at mga kasangkap na konseptuwalisasyon at metodolohiya ng disiplina. Ang mga ito ay itinuturing na hulmahang "nakaukit sa bato" sa pag-oorganisa ng mga pag-aaral at sa paglikha ng karunungang sosyolohiko. Kakatwang maging ang sapi ng kanilang talastasan ay sumasalamin sa ganitong mekanikal at siklikal na proseso. Ang konsepto ng "diskurso" na kung isasalin sa kasalukuyang lengguwahe ng Agham Panlipunan ay tumutukoy sa isang paikot-ikot na pag-uusap na walang patutunguhan (Erasga, *"Pakiramdaman"* 81; Navarro, Rodriguez at Villan 1).

Kakaiba marahil ang magiging kalalagyang sitwasyon kung "lilinangin" ang Sosyolohiya bilang isang "pananaw." Pansinin na dalawang salita ang naghuhudyat ng kaibahan ng hamong-lapit na ito sa nauna: linang at pananaw. Ang dalawang salitang ito ay nagbabadya ng katulad na adhikain ng pagtatangka na usisain ang katuturan ng Sosyolohiya para sa mga Filipino. Ang pananaw ang giya ng paglilinang; ang paglilinang ang aksiyon ng pananaw. Sa metapora ng paglalakbay, ang pananaw ang magbibigay ng direksiyon sa patutunguhan; samantalang ang paglilinang ang magsisilbing behikulo sa paglalakbay. Kaakibat din ng dalawang salitang ito ang sinerhiya ng katuturan dahil napapaloob sa kanila ang aspirasyon ng "paglilibot"—ang pagtahak sa mga landas na maaaring tunguhin ng Sosyolohiya. Sa tradisyon ng mga Griyego, ang paglilibot ay isang gawaing ginagampanan ng mga *theoros*: sa kanilang paggala, nagmamasid sila sa mga gawain, pagkilos, at pangyayari sa loob at labas ng *polis*. Ang bunga ng paglalakbay na ito ay mga personal na ulat at "pagninilay" na kung minsan ay kanilang ibinabahagi sa mga kinauukulan. Ngunit kadalasang ginagamit ang mga pagninilay na ito sa pagpapayabong ng kabutihang-loob (*cultivation of virtues*)–isang tradisyong bantog ang kulturang Griyego (Nightingale 41-44; Erasga, *"Pakiramdaman"* 84-85).

Ang pagpapalawig, kung susundan, ay may kaakibat na pagtatáya na lumalagpas sa praktis ng pagte(teorya), o sa konseptuwalisasyon at maging sa pagdidisenyo ng metodo. Bagkus, ito ay isang pagtatáya sa "pilosopiya mismo ng paggamit"—isang pagtatáya na naglalayong lumikha ng bago at makabuluhang karunungan na hindi

nagkukumapit sa diskurso ng "katotohanan" o "tamang karunungan." Salungat sa maaaring isipin, ang adhikain ng pagpapalawig ay hindi dapat mapako sa ehersisyo ng pagtukoy sa alin ang "tama" o "maling" teorya, o kung ano ang "angkop" at "di angkop" na kategorisasyon, o ano ang "wasto" at "di wastong" metodo. Bagkus, ang pagpapalawig ay mag-uugat sa "usbong na pagtatáya" sa pangkalahatang integridad ng Sosyolohiya at hindi nakukulong sa maliliit na mga sangkap nito tulad ng teorya, konsepto, at metodo. At upang maisakatuparan ang ganitong lapit-adhikain, aking babaybayin ang "pilosopiya ng pagpapalawig" sa Sosyolohiya bilang isang pananaw at bilang isang kalidad ng pagtingin. Ang ganitong lapit, kung magagampanan man, ay nangangailangang maglatag ng susing pasubali na tutumbok, sa aking palagay, sa dalawang "hamon" na katungko ng ganitong pagsusulong. Ang bawat hamon naman ay may kaakibat na mga "katanungan" na magsisilbing gabay sa paggagalugad (*Talahanayan 1*). Kaugnay nito, aking tinukoy ang "lokasyon"— i.e. lugar at panahon— ng Sosyolohiya na magsisilbing konteksto ng talakayan sa bawat hamon at katanungang gabay.

**Talahanayan 1**

**Mga Hamon ng Paglilinang Ayon sa Konteksto ng Sosyolohiya**

| Lokasyon ng Sosyolohiya | Hamon | Katanungang Gabay |
|---|---|---|
| Ang Sosyolohiya bilang taal na supling ng KANLURAN | Hamon ng "Tradisyon"<br>Hamon hinggil sa kaugnayan ng lapit-adhikaing ito sa pangkalahatang tradisyon at kasaysayan ng Sosyolohiya. | • *May paghuhugutan (rootedness) ba sa kasaysayan at konteksto ng Sosyolohiya ang ganitong lapit-adhikain ng pagpapalawig* |
| | | • *Anong mayroon sa tradisyon ng Sosyolohiya ang maaaring ituring na katwiran (justification) sa pagsasakatuparan ng pagpapalawig na ito?* |
| Ang Sosyolohiya bilang inangking pananaw sa PILIPINAS | Hamon ng "Pagsasakatuparan"<br><br>Hamon hinggil sa aktuwal na pagsusulong ng lapit-adhikain sa konteksto at kalagayan ng Pilipinas. | • *Ano ang anyo ng ganitong dulog sa pagpapalawig ng Sosyolohiya?* |
| | | • *Ano ang mga kinakaharap na pagsubok ng ganitong uri ng dulog sa realidad ng karanasan ng mga Filipino?* |

Bibigyan ng linaw ang mga katanungang sangkot sa paglilinaw ng "hamon ng tradisyon" sa pamamagitan ng paghahabi ng isang bersiyon ng kasaysayan ng pinagmulan ng Sosyolohiya. Uugatin ng salin na ito ang papel na ginampanan ng Panitikan (*Literature*) at Siyensiya (*science*) sa paghubog ng isang intelektuwal na klima sa Europa na nagsilbing pundasyon at inspirasyon at nagpaluwal ng momentum sa pagkakabuo ng Sosyolohiya. Sa saling ito pagtatagpuin ang tradisyon ng Panitikan at Siyensiya—dalawang maimpluwensiyang tradisyon sa Europa na kapuwa nakatutok sa pagnanais na unawain ang kalagayan ng lipunan na noon ay dinudurog ng daluyong ng mga pagbabagong bunsod ng industriyalisasyon. Sa pagpapatibay sa papel na ginagampanan ng tradisyon, sisipatin ang Sosyolohiya bilang isang taal na institusyong isinilang sa Kanluran (*lugar*) sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo (*panahon*).

Sa "hamon ng pagsasakatuparan," babagtasin ang inaasahang katangian at disenyo ng pagpapalawig sa landasin ng kulturang Filipino, kalakip ang diskusyon ng mga kaugnay na limitasyon ng iminumungkahing dulog sa paglilinang. Upang higit na maging mahusay ang pagsasalarawan, tatlong antas ng lapit ang tutukuyin at paghahambingin. Ang mga ito ay ang (i) *linang na paggamit*, (ii) *taal na pag-angkop*, at (iii) *usbong na pagtataáya*. Ang tatlo ay hindi magkakahiwalay na lapit, bagkus sila ay "tagusang antas" ng pagtatangka. Dahil dito, tutumbukin ang Sosyolohiya bilang isang inangking pananaw sa kasalukuyang (*panahon*) sitwasyon ng Pilipinas (*lugar*).

## SOSYOLOHIYA: SA SANGANG DAAN NG PANITIKAN AT SIYENSIYA

Ang kuwento ng kasaysayan ng Sosyolohiya ay tipikal na nakabalangkas sa dalawang kumbensiyonal na punto-de-bista ng pagsasalaysay. Ang una ay umiinog sa "talambuhay ng mga tinaguriang Tagapagtatag" ng disiplina: sina August Comte, Herbert Spencer, Karl Marx, Emile Durkheim, at Max Weber ay mga higante ng Sosyolohiya at instrumental sa pormal na nagpasinaya ng disiplina. Ang pangalawa ay nakaugat sa "susing pangyayari sa Europa" (hal. *Industrial Revolution*): historikal na episodikong nagluwal dito. Alinmang moda ng pagsasalaysay ang gamitin, may iisang tema ang daloy ng kanilang kuwento: ang mga Tagapagtatag ay mga apektadong kasapi ng lipunan at lubhang nabagabag ng mga pangyayari sa lipunan na kanilang ginagalawan. Ang bagabag ang nag-udyok sa kanila na unawain ang sitwasyon; at sa proseso ng pag-unawa, nagsimula silang magtanong hinggil sa ugat at dahilan ng mga pagbabagong ito. Dahil saksi at sangkot sa marami at mabilisang takbo ng mga pagbabago, ang kanilang talambuhay ang naging kaakibat na padron ng kanilang pagsusuri. Ito rin marahil ang dahilan kung bakit ang mga kasapian (*schools of thought*) ng mga klasikong teorya ng Sosyolohiya ay kakikitahan ng mga bakas ng kanilang

talambuhay at halos lahat ay nagsimulang magsulputan sa buhay-panahon ng mga Tagapagtatag.

Subalit ayon kay Erasga, unang Filipinong sosyolohista na nagsiwalat ng kakulangan ng opisyal na bersiyon ng kasaysayan ng disiplina, ang pagsasalaysay na may kambal na diin sa buhay ng mga Tagapagtatag at sa makasaysayang episodiko ay kapuwa gahol sa pagpapahalaga sa papel na ginampanan ng namamayaning klima ng pagninilay sa Pransiya at Alemanya ng mga panahong nabanggit. Paglilinaw ni Erasga:

> "The so-called *fathers of sociology* were just inheritors of a much larger epistemological tradition that operated within a peculiar historico-political movement in France and Germany that eventually paved the way to the crystallization of a domain of inquiry that we now called "sociology" (*"Stories"*26).

Samakatwid, may malawak na kalipunan ng "pagkilos intelektuwal" na umusbong at umiral sa panahon ng mga Tagapagtatag. Ang mga pagkilos na ito ay hindi maaaring ituring bilang isang "kilusan" sa pangkaraniwang pagpapaunawa sa salitang ito. Sa halip, sila ay isang kalat (*scattered*) at may mala-usok na kayarian (*amorphous*). At dahil nabuo bilang tunggalian ng talastasan at hindi dahil sa pagtatatag ng isang tao o grupo ng indibiduwal, ang mga ito ay hindi kakikitahan ng malinaw at tiyak na programang pagkilos. Sila ay maaaring tingnan bilang mga kilusang "pinagpapalagayan" (*movement that one identifies with*) at hindi kilusang "sinasapian" (*movement with membership requirements*). Ang kanilang impluwensiya ay hindi tahasang matitimbang dahil ito ay nananalaytay sa pangkalahatang kalidad ng pag-iisip at daloy ng talastasan ng mga taong binabagabag ng mabilis na pagbabago ng lipunan. Dagdag na paglilinaw sa hinalaw na pahayag ni Erasga sa itaas, tinamasa ng mga Tagapagtatag (marahil bilang sangkot na mga kapanalig o kaaway at nag-ambag sa pagtataguyod ng nagbabagang usapin ng panahon) ang biyayang intelektuwal na nilikha ng mga pagkilos na ito at nagsilbing padron ng kalidad ng kanilang pagninilay sa kabuluhan ng kanilang mga buhay sa gitna ng bagyo ng mga pagbabago. Dahil may iba't ibang pangkat ng manunuri na nagsulputan bilang mga "sumisimbulong tinig" ng mga pagkilos, may dahilan, pahiwatig ni Erasga, upang bigyan ng pansin ang ambag ng marami sa mga Tagapagtatag sa alinman sa mga pangkat intelektuwal na ito sa Pransiya at Alemanya.

Ang kapsulang bersiyong ito ni Erasga sa pinagmulan ng Sosyolohiya ay pinagtitibay ng mga pag-aaral sa kasaysayan ng tradisyong soyolohiko sa Europa. Binigyan ng mukha, itsura at laman ng mga aklat nina Wolf Lepenies at Bruce Mazlish ang mga pagkilos na ito at ang kanilang mga ipinamanang intelektuwalismo. Makulay nilang

isinalaysay sa kanilang mga aklat ang pag-iral ng dalawang pangkat ng "manunuri" at ang kanilang hidwang-pananaw tungkol sa kalagayan at pag-asa ng kanilang lipunan. Ang bawat pangkat ay may taglay na pagtatáya sa sitwasyon ng suliranin (*diagnosis*), sa paraan ng karapat-dapat na pagsusuri, at sa alok na kaisipan upang maging kapaki-pakinabang ang mga pagbabagong kinakaharap (*prescription*). Sa Panimula ng aklat ni Lepenies (1988) na pinamagatang *Between Literature and Science: The Rise of Sociology*, ganito ang kaniyang pasubali:

> "In this book, I describe the contention between the two groups of intellectual: on the one hand the men of letters, i.e., the writers and critics, on the other the social scientists, above all sociologists. From the middle of the nineteenth century onwards literature and sociology contested with one another the claim to offer the key orientation for modern civilization and to constitute the guide to living appropriate to industrial society" (1).

Ayon kay Lepenies (25), umusbong ang Sosyolohiya sa gitna ng tunggalian sa pagitan ng mga tradisyong pinamumugaran ng "malikhaing pagsusulat" (Panitikan) at positibismong gawi (Siyensiya). Para sa kaniya, ang ika-19 na siglo lalo't higit sa Pransiya at Alemanya ay kakikitahan ng pagkakabuo ng tunggalian sa pagitan ng tinawag niyang "*scientific intellectuals*" at "*literary intellectuals*." Ang una ay kinabibilangan nina Comte, Durkheim, Mills at Mannheim—mga kampiyon ng kilusang Pagkakamulat (*Enlightenment*) at masugid na tagapagtaguyod ng praktikal na pakinabang ng noon ay mabilis na umuusad na kalagayang industriyal. Ang pangalawang pangkat naman ay pinangungunahan nina Maurrars, Peguy, Arnold, at T.S. Eliot, Stefan George—mga kilalang kritiko ng espiritu ng modernisasyon at ng kaakibat nitong ligalig sa buhay panlipunan. Mawawari sa kanilang mga sulatin ang marubdob na pangungulila sa katinuan at kapayakan ng buhay sa lipunan bago ito sagasain ng puwersa ng industriyalisasyon. Ang impluwesiya ng tunggalian sa pagitan ng dalawang grupong intelektuwal ang nagbigay ng hubog sa kabuuan at katinuang epistemohiko ng Sosyolohiya na noon ay isa pa lamang nagpupunyaging institusyonal na adbokasiya (Lepenies 38).

Sa pagdidiin ni Lepenies, nanulay ang Sosyolohiya sa taludtod ng patayugan ng kaisipan at layunin ng dalawang pangkat at sa huli ay nakabuo ng sarili nitong landasin. Sa maikling salita, ang Sosyolohiya ay umindayog sa pagitan ng dalawang tradisyong intelektuwal: sa "makaagham na pamamaraan" ng siyensiyang pangkalikasan (*natural science*) at sa "ermenyutikong pagninilay" ng panitikan (*literature*). Ang tagpuang ito ang nagbigay sa Sosyolohiya ng isang katangi-tanging kaakuhan na maituturing na

magkahalong "biyaya" at "sumpa." Biyaya sapagkat sa tagpuang ito nakabuo ang Sosyolohiya ng isang natatanging plataporma na tumagos sa hanggahan ng panitikan at siyensiya. Sumpa sapagkat ang tagpuang ito ang nagdulot ng ligalig sa kaakuhan ng disiplina at naging ugat ng di matapos-tapos na pagpapatumpik-tumpik (*ambivalence*) sa pangkalahatang katinuan nito.[1]

Ang bersiyon ni Mazlish (1989) ay kahalintulad ng kay Lepenies. Sa kaniyang aklat na *A New Science: The Breakdown of Connections and the Birth of Sociology,* dalawang pangkat din ng intelektuwal sa kaparehong panahon ang tinukoy ni Mazlish. Tinawag niya ang dalawang pangkat na "*breakers*" (mga umagwat) at "*lamenters*" (mga nagdalamhati). Bagama't kapuwa nakararamdam ng mga bagabag na dulot ng industriyalisasyon, ang dalawang pangkat ay magkahiwalay sa alok na payo tungkol sa angkop na pamumuhay na walang pangamba sa gitna ng nakaambang ligalig ng umiiral na panahon. Mapapansin na ang katawagang ginamit ni Mazlish ay higit na nagpapakita ng kanilang disposisyon sa harap ng mga nakalilito at mabilis na usad ng lipunan. Paumanhin sa mahabang sipi subalit ganito ang pagsasalarawan sa kanila ni Mazlish:

> "The breakers are those who believed that in order to understand the social upheavals engendered by industrial changes, there must be novel a way of looking at the past. An approach that does not long for traditions and accepted practices, but one that explores new possibilities given the new opportunities. Expectedly, changes are not seen as bad and unfortunate, but are construed as opportunities that may improve conditions of life. Be that as it may, this new perspective necessitates new ways of doing things (i.e., scientific ways) and here is where their sharpest departure from the lamenters is drawn" (Mazlish 12-13 halaw kay Erasga, "*Stories"*27).

> "The lamenters such as Burke, Rousseau, Wordsworth, and Carlyle, operated in terms of long tradition- eclogues lamenting rural displacements, and so on- and felt, in the main, estranged from the modern world. Their chosen weapon in the struggle was literary lamentation, not science. And their basic appeal was to sympathy, which they proffered as the new bond between people otherwise estranged by the cash nexus. Their most general hope was that the exercise of sensibility would solve, or remove, the problem of the breakdown of connections" (Mazlish 13).

Ayon kay Mazlish ang adhikain ng dalawang grupo ay ukol sa tamang disposisyon sa tinatakbo ng kalagayang panlipunan. Ang disposisyong ito ang magiging susi sa kaukulang asal at pag-aaruga sa kinakaharap na pagbabago. Ayon sa mga "umagwat," ang pagbabago di man inaasahan ay kinakailangang "yakapin" dahil ang mga ito ay may biyabit na pakinabang. Gayumpaman, ang paghagilap sa pakinabang na dala-dala ng mga pagbabagong ito ay matatamo lamang kung matamang aalamin ang hamon ng sitwasyon—ang pagsusuri sa mekanismo at asal ng pagbabago na magiging susi at magbubukas sa mga pinto ng positibong pakinabang. Samantalang ayon sa mga "nagdalamhati," ang pagtanggap sa pagbabago ay kinakailangang may kaagapay na pasubali sa kahalagahan at espiritu ng tradisyon. Kung ang mga pagbabago man ay hindi maiiwasan, kailangang manalaytay ang mga ito sa ugat ng tradisyon upang sa pagdaan ng panahon ay maging likas na kaakibat na rin ang mga ito ng kaisipan ng mga tao. Ayon kay Mazlish, sa ganitong banggaan ng pananaw isinilang ang Sosyolohiya. Mapapansin ang pamumutawi ng magkahalong payo galing sa dalawang kampo: ang pag-aaral sa dinamika ng pagbabago upang matamo ang inaasam na biyaya nito at ang kritikal na pagsusuri gamit ang himaymay ng tradisyon hinggil sa mga implikasyon ng mga pagbabagong ito sa katinuan at relasyon sa lipunan.

Upang bigyan ng diin ang kakaibang kaakuhan ng Sosyolohiya bilang isang pananaw, mainam na ilahok sa talakayan ang posisyon ni Hewitt (1997) tungkol sa kaugnayan ng Sosyolohiya sa Panitikan. Sa kaniyang aklat na *The Possibilities of Society: Wordsworh, Coleridge and The Sociological Viewpoint of English Romanticism*, nagmungkahi si Hewitt ng kakaibang paninindigan hindi sa pinagmulan ng Sosyolohiya bilang disiplina, kundi sa kaakuhan ng Sosyolohiya bilang isang "katungkong pananaw" ng Panitikan. Bilang palos sa mapanikil na konsepto ng disiplina na ginagamit upang idiin ang pagkakaiba, ganito ang patutsada ni Hewitt: "These distinctions fit the history of the disciplines we have, a history in which literature and sociology are already fixed in opposite places. My study sets aside such distinctions in order to experiment with a different configuration" (Hewitt xvii).

Malinaw na hindi interesado si Hewitt sa usapin tungkol sa kung ano ang pinagmulan ng Sosyolohiya at maging sa paghahalo ng iba't ibang tradisyong intelektuwal sa pagkabuo nito bilang isang makapangyarihang Agham Panlipunan. Para sa kaniya, ang Sosyolohiya at Panitikan ay dalawang tradisyon na may magkarugtong na pusod: ang adhikain at pangangailangan na unawaain ang kalagayan ng mga tao at ng lipunang kanilang iniinugan. Gamit ang magkaibang sitwasyon ng Mangangatha at ng Sosyolohista, pinaghambing ni Hewitt ang kani-kaniyang taglay na baluti: ang mga *ideal type* (tulad ng mga paradigm, theory, conceptual framework) ng mga sosyolohista; ang mga nobela, tula, at sanaysay ng mga mangangatha. Ang panulaan

(*poetry*), bilang halimbawa ni Hewitt, ay makapagpapatibay ng kasanayan sa pag-unawa ng ugnayan at relasyon sa lipunan. Ang Panulaan, gaya ng Sosyolohiya, ay isang kasanayan na makapagpapakita ng makataong pagnanais na unawain ang papel na ginagampanan ng pakikipagkapuwa sa mga sasabihin, gagawin, at magiging saloobin ng mga nilalang sa lipunan. Sa pagtitibay gamit ang hinalaw na pahayag mula sa aklat ni Hewitt, mapapansing pinawawalang-saysay niya ang pagtatangi sa kaibahan ng Panitikan kompara sa Sosyolohiya, at sa halip, hamon niya na igalang ang magkakaibang lapit at ambag-pananaw ng bawat isa sa pagbibigay kaliwanagan sa salimuot ng buhay lipunan.

## SOSYOLOHIYA: "ANGKIN" AT "INANGKING" PANANAW

Kung ang Sosyolohiya ay umusbong sa Europa bilang isang kilusan at linang na pag-iisip, ano ang implikasyon nito sa kalagayang panlipunan ng Pilipinas? Monopolyado ba ng mga Tagapagtatag at ng mga sosyolohista sa kanluran (noon at ngayon) ang ganitong uri ng pag-iisip at talas ng pagsusuri? Kung hindi, ano ang katangi-tanging ambag ng kulturang Filipino sa pagpapalawig ng saklaw ng disiplina at paano ito isasakatuparan bilang lente ng pagpapaunawa? At sa pagpapalawig na ito ng saklaw ng Sosyolohiya, maituturing na ba natin ito bilang isang "angking" tradisyon o ito ay mananatiling isang "hiram" na pananaw ng mga Filipino. Ang mga susing katanungang ito ang pagsisikapang sagutin ng bahaging ito ng artikulo. Sa pagtalakay, lilinawin ang mga usaping sangkot sa pagiging banyaga ng disiplina at kung paano paghuhugutan ng kabuluhan ang Sosyolohiya sa kabila ng identidad na ito.

Ang salitang "angkin" ay nagsasaad ng pagiging taal ng isang bagay o maging ng isang kaisipan. Sa mga katagang "angking talino" o kaya ay "angking ganda," pinagtitibay ang pagiging likas sa katauhan at kaakuhan ng mga katangiang nabanggit. Kaugnay din ng salitang angkin ang katangian na nagsasaad ng pagiging "katutubo" ng isang kasanayan tulad ng sa mga katagang "angking yaman" at "angking dangal." Kung ganoon, ang isang bagay, kaisipan, kasanayan, at maging katangian na sinasabing "angkin" ay itinuturing na natural kung kaya't masasabing ito ay hindi maaaring matagpuan sa iba. Ang pagiging bukod-tangi ng mga bagay na angkin ay nagsasaad, higit sa lahat, ng karapatan na gamitin at samantalahin ang anumang kaakibat nitong kapakinabangan. Sa puntos na ito magiging usapin ang "pag-angkin" sa isang bagay na angkin. Kaugnay nito, masasabi natin na ang pagiging likas sa isang bagay na angkin ay hindi sapat upang ito ay hindi ariin ng iba bilang kanila. Ang gawaing pang-aangkin ay karaniwang naisasakatuparan sa pamamagitan ng panggagaya, pandaraya, pagnanakaw, o di kaya ay panghihiram (Baas, Lopez at Palemeq 12).

Ang kasaysayan ng Sosyolohiya bilang isang disiplina ay hindi maaaring gayahin, dayain, o nakawin gaya ng nabanggit sa itaas. Katulad ng isinaad sa hamon ng tradisyon, ang disiplina ay umusbong sa isang tiyak na panahon at hindi mapapasubaliang konteksto. Subalit ang kapakinabangan ng sosyolohikong pagninilay ay maaaring gayahin o hiramin. Lamang, kung ituturing na isang hiram na pananaw ang Sosyolohiya, kaakibat nito ang pag-ako sa mga panuntunang prinsipyo nito. Ang pag-angkin, sa pagakakataong ito, ay may kondisyon ng pagtanggap na kalimitang nangangailangan ng pagsunod—at ang pagsunod, sa katagalan, ay nabubuo bilang isang gawi na nagbubunga ng mga kasanayan at kaisipan na iinog sa praktis ng panggagaya o pangongopya. Ang panggagaya (*mimicry*), sa isang pagtingin, ay bunsod ng mga praktikal na benepisyo at payak na pakinabang ng ugaling ginagaya, tulad halimbawa, ng panggagaya na ginagawa sa konteksto ng tradisyon ng pananaliksik gamit ang siyentipikong pamamaraan. May mga "sunurang-hakbang" (*sequence of procedure o normative procedure*) na dapat igalang (sa ibang salita, gayahin) upang masabi na wasto ang ginagawa. Panggagaya man o panghihiram, ito ay isang tanggap na pag-uugali at kalimitang binibiyayaan ng materyal na gantimpala at marangal na mga papuri depende sa kalidad at antas ng pagsunod.

Isang katanungan lang: May Filipinong pag-angkin ba sa Sosyolohiya na hindi kailangang humantong sa panggagaya? Sa ibang salita, mabibigyang katarungan ba ang pag-angkin sa disiplina at pag-ako sa kaniyang mga susing panuntunan at sa huli ay aasahang makakapag-ambag ng kakaiba subalit makabuluhang pagpapaunawa? Hindi dapat itatwa na ang pag-angkat sa Sosyolohiya bilang isang hiram na pananaw ay isang matinong hakbang sa pag-aangat ng kultura ng pananaliksik sa Pilipinas. Matatandaan na sa makapangyarihang proseso ng *peer review* na kadalasang pinagdadaanan ng mga artikulong isinusimite sa pagnanais na mailathala, ang tradisyon ng pagsunod sa alituntunin ng pagsusulat, paglalatag ng argumento, at maging sa format ng teksto ay lubhang mahalaga. Lamang, ang mga anyo at tangka sa pag-angkin ay marapat na lapatan ng matalinong panuntunan na kikilates hindi sa "pagpapasiya ng panghihiram," bagkus sa "pilosopiya ng panghihiram." Ang huli ay may tatlong magkakaugnay na puntos (*Talahanayan 2*).

**Talahanayan 2**
**Puntos ng Pilosopiya ng Panghihiram**

| Pagtataya ukol sa: | Karunungang Dapat Sagutin |
|---|---|
| • Konsepto ng panghihiram | - *Kailangan ba talagang manghiram?* |
| • Aspekto ng hihiramin | - *Bahagi ba ng isang teorya o ang kabuuan nito ang hihiramin; isa o pangkat ng konsepto; o di kaya ay hanayan ng metodo?* |
| • Kaangkupan ng mga kakaibang pagpapasinaya | - *May ibang paraan pa ba na puwedeng gawin sa halip na manghiram?* |

Mapapansin na ang tatlong puntos sa itaas hinggil sa adhikain ng matalinong pag-angkin sa Sosyolohiya ay mahigpit na pinagyayapos ng rekisito ng "pagtatáya." Ang pagtatáya ay kahalintulad na proseso ng pagtitimbang. Tinitimbang ang isang bagay upang alamin ang halaga nito gamit ang bigat nito bilang yunit ng panukat. Kung gayon, dalawang bagay ang dapat isaalang-alang sa oras at sitwasyon ng pagtitimbang: halaga at bigat. Ang "halaga" ay matatanto sa kaakuhan ng bagay na tinitimbang (*hal*. mas mahal ang ginto kaysa pilak); samantalang ang "bigat" ay nakukuha gamit ang iba't ibang yunit ng panimbang (o yung tinatawag na *units of measure*). Ano ang ugnayan ng halaga sa bigat? Gamit ang analohiya sa itaas, pinatitindi ng bigat ang pitak ng halaga depende sa uri ng panukat na gagamitin. Ganoon din sa relasyon ng pagtatáya sa mga katanungan sa talahanayan: ang pagtatáya, katulad ng pagtitimbang, ay dapat gamitan ng angkop na yunit ng panimbang (na nasa anyo ng mga "katanungan" sa talahanayan).

Sa susunod na bahagi, aking pinalalim ang pagtalakay sa usapin ng pag-angkin sa Sosyolohiya batay sa hamon ng pagtatáya sa kabuluhan nito bilang banyagang tradisyon. Akin ding nirepaso ang mga umiiral na tangka. Ang pagrerepaso ay nilapatan ko ng pagninilay na naglalayong tukuyin ang mga susing panuntunan ng iminumungkahing kalidad ng tangka na hindi ginigipit ng umiiral na unibersal na tradisyon ng paglikha ng karunungang panlipunan. Gamit ang "pagwawangis sa halaman/puno," sa pagbibigay ng diin sa tagusan ng mga tangka at ang rekisitong pag-angat ng pananaw, aking isinalarawan ang mga susing katangian at ang ugnayang nagdurugtong sa kanila.

## ANG UGAT, KATAWAN, AT SANGA: TATLONG BAHAGI AT ANTAS NG PAGTATANGKA

Sang-ayon sa umiiral na talastasan sa kalipunan ng mga Filipinong sosyolohista at sa kanilang kasalukuyang praktis sa pagbubuo ng karunungang sosyolohiko, tatlong (3) umiiral na uri ng pagtatangka sa pagtatáya ng katuturan ng Sosyolohiya sa bansa ang lumulutang. Ang mga pagtatangkang ito ay bunga ng pagrerepaso ng mga tema, pamamaraan, at konsepto ng karunungan na nilalaman ng iba't ibang porma ng lathalain na isinulat ng mga prominenteng kasapi ng kalipunang ito. Sa Talahanayan 3 sa ibaba, aking binalangkas ang mga tangka at ang kanilang ugnayan gamit ang metapora ng puno (Miller 2002). Aking sinamantala ang kapakinabangan ng metaporang ito sapagkat kakikitahan ito ng proseso ng "pagbabago," "paglaki" at "paglago." Katulad ng daloy ng sustansiya mula sa lupa, ang paglinang sa kapakinabangan ng Sosyolohiya ay likas na nagsisimula sa ugat at dadaloy sa katawan upang magbigay-daan sa

pagsulpot ng mga sanga. Ang sustansiya ay dapat dumaloy at manalaytay sa kabuuan ng halaman upang matiyak ang paglaki, pamumulaklak, at pamumunga nito. Katulad ng halaman, ang ugat ang nagbibigay-daan sa paglaki ng katawan; ang katawan sa paggulang nito ang nagbibigay ng porma at ang sinusulputan ng mga sanga na tinutubuan naman ng dahon at bulaklak. Ang pananalaytay ng sustansiya sa kabuuan ng halaman ay sumisimbulo din sa "likas na ugnayan" na magbibigay ng kasiguraduhan sa pangkalahatang kalusugan ng halaman (Miller 85). Ang mga tangka, kung gayon, ay hindi magkakahiwalay o magkakabukod na gawi. Katulad ng isang puno na hindi maaaring tingnan bilang isang ugat, katawan o kalipunan ng mga dahon lamang—ang mga tangka ay likas na magkakarugtong at makatarungan lamang na tingnan bilang isang kabuuan at hindi maliliit na bahagi ng isang kabuuan. Katulad sa sitwasyon ng pagkapunggok bunga ng hindi normal na daloy ng sustansiya sa kabuuan ng halaman, ganoon din ang mangyayari sa ugnayan ng mga tangka—ang pagkapunggok ay kumakatawan sa pagkakulong sa isang antas ng pagtatangka.

Ayon sa Talahanayan 3, may tatlong antas ng pagtatangka sa pagtatáya ng kabuluhan ng Sosyolohiya sa Pilipinas (*Kolum 2*). Gamit ang metapora ng puno—ang mga bahagi nito at likas na ugnayan ng mga ito (*Kolum 3*), isasalarawan ang gawi na tangi sa bawat antas bilang anyo ng pag-aaruga sa Sosyolohiya (*Kolum 4*). Ang ugnayan ng mga bahagi (ang mga tangka) at ang paglagong inaasahan (ang likas na ugnayan ng mga tangka) ay babanaagin bilang kahalintulad na paglago ng Sosyolohiya mula sa pagiging isang disiplina (ugat at katawan) patungo sa pagiging isang ganap na pananaw (sanga) (*Kolum 1*). Upang gawing malinis ang paglalapat ng pagwawangis sa mga tinutukoy, isusunod kaagad ang payak na "pagsasalarawan" ng mga kasalukuyang praktis na kumakatawan dito.

### Angkat na Paggamit: Ugat ng Hirati sa Pagsalok sa Unibersal na Gawi ng Pananaliksik

Ang binhi ay sinasabing buhay kapag lumitaw na ang ugat. At sa oras na nag-ugat ang binhi, malaki ang tsansa na magtutuloy-tuloy na ang paglaki at paglusog nito patungo sa pagiging isang ganap na halaman. Ang ugat ang kumukuha ng sustansiya sa lupa at nagsisilbing imbakan ng pagkain ng buong halaman. Kahit sa labas ng talasalitaan ng botanika, ang ugat ay sumisimbulo sa pinagmulan – sa orihinal na kalalagyan ng anumang bagay. Pansinin ang mga kawikaang sumusunod: "ang labis na pagmamahal sa salapi ang ugat ng lahat ng kasamaan sa mundo," (*The love of money is the root of all evil*) at "Malalalim ang ugat ng hidwaan sa pagitan ng mga Muslim at Kristiyano," (*The enmity between Muslims and Christians is deep-rooted*). Sa una, ipinahihiwatig ang elemento ng "pinagmulan" (*origin*) na sinasagisag ng ugat; samantalang sa

pangalawa, ang aspekto ng "tibay" (o pundasyon) ng ugat ang binibigyan ng pansin. Sa magkaparehong halimbawa sinasalamin ng ugat ang halaga ng pinagmulan na hindi maaaring itatwa kung naisin na alamin ang pundasyon ng mga bagay-bagay. Sa "angkat na paggamit" bilang unang antas ng pagtatangka, ang ugat at ang saysay nito sa pagkabuhay/pagkamatay ng halaman ang pinakamahusay na metapora sapagkat, higit sa ano pa man, ito ay nagpapaalala ng kabuluhan ng "pinagmulan bilang pundasyon." Ang katangiang ito ng ugat bilang simula (*origin*) at pundasyon (*foundation*) ang iniinugan ng pekulyar na gawi ng antas na ito. Sa konteksto ng Sosyolohiya, ito ay tumutukoy sa bigat ng mga saligang konsepto, prinsipyo, at metodolohiya ng disiplina na nalinang sa pagdaan ng panahon at pinagyaman ng mga supling nito. Ang bigat ay nararamdaman at nakikita sa kanilang pamamayani bilang nangungunang sanggunian o *building blocks* – lahat ng pananaliksik at anyo ng pag-aaral ay kinakailangang magsimula sa kanila at paglaruan ang kanilang posibleng gamit. Halimbawa, hindi maaaring talakayin ang proseso ng *socialization* at maging ang penomenon ng *deviance* nang hindi isasangkot ang mga konsepto ng *role*, *status*, *sanctions* (i.e. parusa at pabuya) at *social institutions* (tulad ng pamilya, ekonomiya, paaralan, at pamahalaan).

**Talahanayan 3**
**Ang mga Tangka, ang mga Metapora nito at Tanging Gawi**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Ang Sosyolohiya ay **DISIPLINA** | Linang na paggamit | *Ugat*: Kumukuha ng sustansiya mula sa lupa at namamahagi nito sa lahat ng parte ng halaman. | Tapat na *pagsangguni* sa mga susing konsepto, prinsipyo, at kategorisasyon na bantog sa Sosyolohiya bilang isang unibersal na agham panlipunan. |
| | Taal na pag-aangkop | *Katawan*: Bilang tindig ng halaman / puno, ito ang nagbibigay ng pangkalahatang porma at hubog. | Masugid na *paglalapat* ng mga susing konsepto, prinsipyo, at kategorisasyon ng Sosyolohiya sa mga usapin at alimuom ng kinabibilangang lipunan. |
| Ang Sosyolohiya ay **PANANAW** | Usbong na pagtatáya | *Sanga*: Sinusulputan ng mga dahon at bulaklak at nagtataglay ng mga bunga at binhi. | Matamang *paghamon* hindi lamang sa kaangkupan ng mga panuntunang konsepto, prinsipyo at kategorisasyon sa kontekstong Filipino. Kalakip din ang paghamon sa simplistiko at mekanikal na paglalapat ng mga nauna sa usapin ng relasyon at kaayusan ng lipunang Filipino. |

*Pagsasalarawan*: Ang "angkat na gamit" bilang antas ng pagtatáya ay hindi tumutukoy at hindi rin nagtatapos sa pananaig ng mga linang na konsepto ng Sosyolohiya. Ito ay tumitingin higit sa lahat sa "gawi" at "hirati" ng pagsangguni sa mga teorya, kategorisasyon, at metodo mula sa kalakhan ng linangan o sa tinatawag na unibersal na "batis ng karunungan" ng disiplina. Ang batis ay isang bukal ng kaalaman at pinagyayaman ng samot-saring pag-aaral ng mga sosyolohista sa apat na sulok ng mundo. Ang hirati ay bunsod naman ng puwersa ng tradisyon ng pananaliksik at pinaiigting ng mga kalakaran, protokol, at panuntunan ng siyentipikong pag-aaral. Kaakibat ng gawi ang pagsasaalang-alang sa mga panuntunang ito bilang gabay sa katanggap-tangap na pamamaraan ng paglulunsad ng pag-aaral ng lipunan. Dahil dito, ang angkat na gamit ay pinapatnugutan ng pangkalahatang pamayanan ng mga siyentipiko (*epistemic community*) at kasabwat ang kalipunan ng mga tagapagsanay sa Agham Panlipunan (kabilang ang mga dalubhasa sa Agham Pampolitika, Antropolohista, Historyador, Pilosopo, atbp).

Ang katunayan ng pag-iral sa lahat ng dako ng angkat na gamit at ang katungko nitong gawi ay ganap na makikita sa "kalakaran ng paglikha" ng mga pag-aaral mula sa mararangal na dingding at sulok ng mga pamantasan, propesyonal na mga organisasyon, at mga organisasyong nagtataguyod ng malakihang pag-aaral ng mga usapin sa lipunan (*hal.* UN, WHO, UNICEF). Ang kabuuang kayarian ng pag-aaral na kanilang itinuturo, iminumungkahi, isinasagawa, binabasbasan, at pinaglalaanan ng limpak-limpak na salapi at resorses ay kakikitahan ng mga hudyat at simbolismo ng pagsunod sa padron ng panghihiram (*borrowing*), pag-uulit (*repetition*), at panggagaya (*mimicking*). Ang pagsunod ay binibiyayaan ng mataas na antas ng pagkilala at pagmamalaki. Ang kasalukuyang pamamayagpag ng mga *abstracting* at *indexing services (tulad ng SCOPUS at ISI)*, ang pagbibilang sa dami ng mga *citation* ng isang artikulo at pagtutuos sa antas ng *impact factor* ng mga pili at malalaking tagapaglathala ng mga journal ay patunay sa paghahari ng gawi. Nagpapasidhi sa pagyakap sa gawi ay ang pagbibigay ng mga galanteng insentibo tulad ng promosyon at pabuya (*hal.* salapi kasama ng magarbong pagkilala) sa mga indibdwal na nagsisilbing epitomiya (*role models* at *champions*) ng gawi.

### Taal na Pag-aangkop: Katawan ng Pagsalok sa Balon ng Lokal na Karunungan

Ang katawan ng puno ay kakikitahan ng tikas at porma – dalawang katangian na hindi lamang manipestasyon ng naturalesa nito alinsunod sa kinabibilangan nitong sari (*species*). Ito ay bunga din ng "kahiyangan" (*adaptability*) nito sa kapaligiran at ekolohiya ng kalikasan na tangi sa lugar na tinubuan nito. Ang tikas ng isang puno,

kung gayon, ay hinuhubog ng biyaya ng kapaligiran (*environment*) na binubuo hindi lamang ng kalikasan (*nature*), kundi pati ng kalipunan ng tao at ng kanilang kapangyarihan na manipulahin ang puwersa ng kalikasan. Ang paghubog sa kakayahan ng isang puno—kung ito man ay mas magiging matikas kaysa dikta ng kalikasán o mapupunggok dahil sa paglalaro ng tao sa kapasidad ng sari nito (*genetic engineering*)—ay sumasalamin sa kapangyarihan ng katutubong imahinasyon at kaugalian na lumikha ng kakaibang kalikasán kung ihahambing sa natural na likas. Ang katawan din ang sukatan ng gulang ng isang puno. Ang gulang ang batayan kung kailan aanihin/puputulin ang isang puno sang-ayon sa inaasahang pakinabang o gamit (*hal*. troso para sa paggawa ng bahay o gatong sa pagluluto). Samakatwid, ang pagpino ng likas at planong pakinabang ng puno ay nakasalig sa kapangyarihan ng iniinugang kultura. Ang ugnayang ito ng "katawan ng isang puno" at "kultura ng mga katutubo" ay isang makulay na rendisyon ng gawi na katangi-tangi sa tangka na aking tinawag na "taal na pag-aangkop."

*Pagsasalarawan*: Ang "taal na pag-angkop" bilang isang anyo ng pagtatangka ay tumutukoy sa pagsalok sa "balon ng lokal na karunungan" (*local knowledge*). Ang batis ang nagbibigay ng mga konseptong maaaring itapat o ipantapat sa mga angkat na karunungan. Ang mga katungkong konsepto ay halaw sa iniinugang etnolingguwistikong kultura ng mananaliksik. Ang "balon ng karunungan" sa konteksto ng tangkang ito ay pinayayaman ng mga lokal na pananaliksik at pag-aaral sa mga usaping lumiligalig sa iniinugang lipunan at kultura. Samakatwid, ang lundo ng mga kaisipan at mga tema ng pananaliksik ay lubhang nakakiling sa makikitid na aspekto ng buhay-panlipunan na iniinugan ng mananaliksik at ng kaniyang Sosyolohiya. Dahil dito, mapapansin ang pahapyaw na pag-aambag sa laman at kalidad ng batis ng unibersal na karunungan.

Ang katunayan ng pag-iral ng taal na pag-angkop ay masidhing ipinangangalandakan ng *indigenization movements* sa mga pangunahing disiplinang Agham Panlipunan sa bansa (Mendoza 37-39). Ang *Pantayong Pananaw* sa Kasaysayan (Salazar 2000) at *Sikolohiyang Filipino* sa Sikolohiya (Pe-Pua 2000) ay mga tanyag na modelo ng pag-iral ng taal na pag-angkop sa Pilipinas. Ang *Pantayong Pananaw* at *Sikolohiyang Filipino* ay kapuwa[2] nagsususog sa matayog na kapaniwalaan na nagmumungkahi sa kapangyarihan ng kinagisnang kultura, tradisyon, at wika na tapatan (o higitan) ang batis ng unibersal na karunungan. Bunsod nito, lahat ng mga pag-aaral hinggil sa mga usapin sa Pilipinas ay kakikitahan ng malikot na pag-indayog sa paghahagilap ng mga katumbas na konsepto at kaisipang may katulad na kalikasán na nagmumula sa katutubong konteksto ng mananaliksik (Sta Maria 102). Ang *indiginization movement* ay pinasinayaan ng marubdob na paggamit ng Filipino bilang wika ng pag-iisip, pagninilay, pagsusulat, at paglalathala (Enriquez 75-90).

Ang "taal na pag-angkop" ay walang ipinagkaiba sa "angkat na paggamit" dahil kapuwa sila umiinog ng gawi ng pagsangguni sa umiiral na kalakaran. Kapuwa sila pinaiikot ng puwersa ng kumbensiyon na ginagabayan ng mga tiyak na panuntunan ng proseso ng pananaliksik. Lamang, sa "taal na pag-angkop," ang sinasalok na karunungan at sinusunod na panuntunan ay kadalasang nagmumula sa balon ng lokal na karanasan at kamalayan. Higit dito, ang "pagsalok" bilang metapora ng pagkahirati sa gawi at pagsunod sa pamamaraan ay isang matatag na simbolismo ng pagkakahalintulad. Pansinin na ang pagkakaiba lamang ng dalawang nabanggit na tangka ay sa isyu ng kung ano at kung saan sinasalok ang karunungan at *hindi* ang gawi ng pagsalok.

Sa isang pagsipat, maaaring isipin na ang "taal na pag-angkop" ay lubos na katanggap-tangap na lapit sa pagpapalawig ng katuturan ng Sosyolohiya dahil ang halaga at mga elemento ng kinabibilangang kultura at lipunan ang siyang kinakasangkapan at padron ng pagsisiyasat. Taliwas sa hinalang ito, nananatiling kapos ang ganitong uri ng lapit dahil layunin lamang nito na maghanap ng mga katungkong konsepto o pananaw. Ang "paghahanap" kung tutuusin ay matibay na indikasyon ng pagkakahon ng takda o inaasahang gamit ng mga teorya, konsepto, at metodo. Dahil dito, nakukubli ang kalayaan ng sosyolohista na wasakin ang "kahon" ng paggamit dahil sa umpisa pa lamang, wala sa kaniyang kamalayan ang pag-iral ng kahon. Ang kahon ang iniinugan ng pangkalahatang praxis; ang kaisipan (o pagnanais) na buwagin ang mga praxis na nabanggit ay hindi pinahihintulutan ng umiiral na ideolohiya.

## Usbong na Pagtataya: Sanga ng Paglago ng Disiplina Bilang Isang Pananaw

Ang pag-usbong ay isang katangian ng isang buháy na búhay at malusog na puno. Sa glosaryo ng botanika (*botany*), ang usbong ay kalimitang sumusulpot sa lupa mula sa isang binhi (sibol) o minsan ay lumilitaw sa pagitan ng mga sanga. Katulad ng isang binhi na sumisibol at magiging isang ganap na puno, ang isang *usbong* di kalaunan ay magiging isang sanga na rin na kasintibay at kasingkisig ng mga naunang sanga dito. Di magtatagal ay magsusulputan na rin dito ang marami pang usbong. *Sibol* man o *usbong* ang metapora, malinaw na makikita ang elemento ng "paglago" at "paglaki" (*development* at *growth*). Ang sanga ay isang "mahiwagang parte" ng puno sapagkat dito lumilitaw ang mga dahon, bulaklak, at bunga. Mahiwaga sapagkat hindi maaaring hulaan ang dami at lokasyon ng mga dahong uusbong, maging kung kailan at aling sanga ang tutubuan ng bulaklak, at lalong hindi mahuhulaan kung gaano kadami ang magiging bunga o kung magbubunga pa nga ito. Maging ang pangkalahatang porma ng puno ay pinasisinayaan ng sanga. Kalikasán ito ng isang sanga – nagbibigay ng pangkalahatang porma, usbungan ng dahon, bulaklak at bunga, at sukatan ng pagiging

"taga-sa-pahanon" (*seasoned*) ng isang puno—ay lapat na lapat sa katangian ng isang tangka na tinagurian kong "usbong na pagtatáya."

*Pagsasalarawan*: Ang "usbong na pagtatáya" ay hindi tumutukoy sa usapin kung anong mga teorya, konsepto, at metodolohiya ang gagamitin mula sa kalakaran ng praktis at tradisyon. Hindi rin ito tumutukoy sa pagsalok mula sa batis o balon, o tumutukoy man lamang sa usapin ng pagsalok bilang gawi. Ang "usbong na pagtatáya" ay nagsisimula sa pilosopiya ng paggamit. Ito ay kakaiba sa dalawang naunang anyo ng pagtatangka sapagkat ang "likas ng pagpapasiya" kung gagamit o mag-aangkop ay may kaakibat na "paninimbang" sa pangangailangan at porma ng mga ito. Halimbawa, gagamit ba ng teorya o hindi? Kung gagamit, lilikha ba ng bago o maghihiram sa mga umiiral na? Kung hindi, ano ang karampatang hakbang upang lubusang ipaunawa ang tinutugis na penomenon. Kaakibat ng paninimbang na ito ang higit na mahalagang katanungan: "*Teorya lang ba (at ang kaakibat nitong kritikal na pagsusuri) ang tanging paraan upang makapagpaunawa?*" "*Kung hindi, ano pa ang mga potensiyal na anyo o moda ng pag-iisip na maaaring daluyan ng pagpapaunawa?*" Sa usapin ng metodo, may kahalintulad na paghuhusga ding ginagawa kapag sa antas ng usbong ang paiiraling habitus ng pagtatáya. Katulad ng bumabagabag na katanungan hinggil sa teorya, hinahamon sa antas na ito ang pangkaraniwang gamit ng metodo at inuukilkil ang papel na ginagampanan nito sa paglikha ng karunungan. Ang tanong: "Ang metodo ba ay kasangkapan upang lumikom lamang ng katunayan o may iba pa itong kapakinabangan?" Sa usapin ng pakinabang, tatayahin ang ambag nito sa pagpapayabong ng sosyolohikong imahinasyon na nakakiling sa kahalagahan ng "pag-unawa" (*understanding*) kaysa paghagilap ng "karunungan."

Kung mapapansin, sa "usbong na pagtatáya," kinukuwestiyon ang inaasahang gawi at kumbensiyon ng pag-unawa sa penomenon. Ang paghamon ay hindi isang bulag na ehersisyo, bagkus adhikain ng paghamon ang tiyakin na ang karunungang lilikhain ay magbubunsod sa isang pagninilay na hindi sumasalangsang sa dangal ng karanasang sinisiyasat. Bukod dito, pangunahing panuntunan ng "usbong na pagtatáya" ang palawigin ang saklaw ng Sosyolohiya bilang "kalidad ng pagtingin." Hindi ito nangingimi (o mangingiming) lumakdaw sa hugpungan ng mga disiplina, bagkus sinisiyasat nito ang mga posibilidad ng pagbubuo ng mga bagong hugpungan at kung kinakailangan, ang pagkakalas ng mga luma at mapanggiit na hugpungan. Katulad ng sanga na hindi maaaring hulaan ang dami ng dahon, bulaklak, at bungang magmumula dito, gayundin ang "usbong na pagtatáya." Walang kasiguraduhan ang landas na tatahakin—ang tanging kasiguraduhan na maaaring pananganan ay ang paglikha ng kakaibang pagpapaunawa na magsisilbing pataba at sustansiya sa pagpapayabong ng ugat ng pananaw at sa tamis ng bungang pagninilay.

## ANG PAGTE(TEORYA) BILANG IDEOLOHIYA

Ang kalikasán ng "teorya bilang isang ideolohiya" ang susuriing usapin ng susunod na bahagi ng artikulo. Sasalaminin pansamantala ng usaping nabanggit ang pangkalahatang salimuot na dulot ng mababaw na pagtangkilik sa Sosyolohiya. Babaakin (*tear apart*) ang tatluhang sangkap na bumubuo sa teorya (hal. ontolohiya, epistemolohiya, at metodolohiya), kaalinsabay ang kaukulang pagbanat (*stretching*) sa latag ng salimuot na kakatawanin ng pagtataas sa isang popular na konsepto sa jargon at bokabularyo ng Agham Panlipunan sa Pilipinas—ang "pakikipagkapuwa."

Ang "ideolohiya" ay isang kapaki-pakinabang na konsepto upang pagtibayin ang kahalagahan ng "usbong na pagtatáya" bilang lapit sa pagpapalawig ng katuturan ng Sosyolohiya. Malalim ang pinagmulan ng konsepto ng ideolohiya at ito ay epistemolohiko na nagsimula sa konteksto ng paggamit ng kapangyarihan sa pagsasakatuparan ng mga hakbang tungo sa matagumpay na kampanya. Matatandaang matalinong ginamit ni Napoleon Bonaparte ang konsepto ng ideolohiya bilang isang taktika upang ilunsad ang kaniyang kampanya sa katwiran ng digmaan at pangangailangan ng pananakop ng mga bansa sa Europa at kung saan man (Lemert 168). Ganito rin ginamit ng mga Hapones ang konsepto ng ideolohiya sa paglulunsad ng digmaan at pananakop sa Asya na may kalakip na pangako ng kapayapaan, kasaganahan, at pag-unlad sa kalakhang Asya. Kaugnay ng orihinal na kahulugang ito ng ideolohiya, nagpahayag sina Bailey at Noga:

> "The…more critical tradition descends from the writings of Marx & Engels (1846/1970), who regarded ideology (in contrast to science) as a potentially dangerous form of illusion and mystification that typically serves to conceal and maintain exploitative social relations. Along these lines, Mannheim… depicted certain ideologies as "more or less conscious disguises of the real nature of a situation"….Habermas… too, treated ideology as a form of "systematically distorted communication," and this characterization remains common in certain circles of social theorists" (35).

Ang "pagte(teorya)"—pinaikling teorya at ang paggamit ng teorya—sa larangan ng panlipunan (at pandaigdigang) pananaliksik ay masasabing isang anyo ng ideolohiya. Nasabi ko ito sapagkat hanggang sa kasalukuyan, walang matibay na paghamong ginagawa una sa "estado ng teorya" bilang padron ng pagsususri, at pangalawa, sa "paggamit ng teorya" bilang natural na lapit ng pagpapaunawa. Sa namamayaning kalakaran ng tradisyon sa agham panlipunan, ipinapalagay ang teorya bilang isang "likas na anyo" ng salimuot ng kaisipan at ang pagte(teorya) ay isang angkop na

hakbang patungo sa kritikal na pananaw. Kaakibat ng pagpapalagay na ito ang palalong diskurso na umuugat sa unibersal na esensiya ng teorya bilang landay ng lohiko at rasyonal na gawi ng pag-iisip na pinapatnugutan ng *scientific method*. Ang ganitong pagpapalagay ay makikita, halimbawa, sa maanghang na pagpuna ni Sta Maria sa kalakaran ng pananaliksik at talastasan tungkol sa kapuwa sa kampo ng *Pantayong Pananaw* (PP) at *Sikolohiyang Pilipino* (SP). Kumbinsido si Sta Maria (108-110) na walang patutunguhan ang landasin ng pagte(teorya) ng PP at SP hangga't hindi nilalapatan ng siyentipikong pananaw (*scientific method*) at pagpapatibay (*scientific validation*) ang pagpupunyaging ito ng dalawang kampo. Samakatwid, tinitingnan ang teorya bilang hanggahan (o mohon) ng pag-unawa at ang pagteteorya bilang likas na daloy ng taludturan ng pag-iisip. Tila may mali sa ganitong epistemolohiya *qua* teorya. Katumbas ng pikit-matang pagsang-ayon sa kaisipang ito ay ang pagtatakwil sa pag-iral ng "ibang anyo ng pag-unawa" (*other ways of understanding*) at "kakaibang kakubutan ng pag-iisip" (*different curvatures of thinking*). Ang pagtangkilik sa mga anyo at kayariang ito, kung mayroon man, ay itinuturing na pagsalangsang sa katinuan ng realidad at natural na kaayusan ng pagmumuni-muni.

Sa kasalukuyang estilo ng pagsasagawa ng pag-aaral, sa loob man o sa labas ng mga pamantasan, isang hindi kinukuwestiyong kumbensiyon ang paglalagay ng teorya o ang pagsasagawa ng teoretikong pagninilay upang bumuo ng karunungan mula sa mga datos na kinalap (Hirschman 323). Sa aking palagay, dalawang bagay ang maaaring maging paliwanag sa ganitong gawi: Ang una ay ang "mekanikal na pagpapalamuti" sa mga pag-aaral ng teorya upang masabing ganap ang kabuuan ng pananaliksik. Ito ay isang katawa-tawang pagpapahalaga sa gamit ng teorya (at pakinabang ng pagteteorya) dahil hindi nito wari ang kaakuhan ng huli bilang pundasyonal na kasangkapan sa paglikha ng karunungan (sa konteksto ng siyentipikong diskurso). Bulag din ito sa epistemolohiya ng karunungan na nagsasangkot sa malalim na karanasan bilang pangunahing sangkap ng pagte(teorya) (Erasga, "*Pakiramdaman*" 85, 88-90; Swedberg 2012). Ang pagpapalamuti ng teorya sa pag-aaral ay bunsod ng kinamulatang gawi kung kaya't hindi ito inaalintana bilang isang katawa-tawa (kundi man kahina-hinalang) gawi (Hirschman 329).

Ang pangalawa ay ang "kawalan mismo ng malay" sa lambong na bumabalot sa teorya bilang instrumento ng panggigiit sa malayang takbo ng pag-iisip. Ito ay higit na nakababagabag kung ihahambing sa naunang usapin dahil sa kondisyong ito, sadyang "walay sa hinagap" ng mga sosyolohista ang lubusang pagkipot ng pang-unawa na nakaamba sa bawat pagkakataon ng pag-iisip sa loob at gilid ng limbo ng teorya. Sa sitwasyong ito mararamdaman ang ideolohikong katangian ng teorya at kalimitang nagbubunga ito ng kawalan ng pananaw na lumihis palayo sa hirati ng pagte(teorya). Sa pagkakataong ito, ibabalik ang katanungan na makapagbibigay ng hudyat kung

paano sasawatain ang ganitong uri ng sitwasyon: "*Ang pagte(teorya) ba ang namumukod-tanging kaanyuan ng pag-iisip upang unawain at ipaunawa ang dinamiko ng ugnayan sa lipunan?*" Ang tanong na ito ay may kapangyarihang magbigay sa nagtatanong ng "kakayahang maghawi ng lambong" na lumukukob sa teorya at ilantad ang mapanikil na kalikasán nito. Sa pagsagot sa katanungang ito, nabibigyan ng pagkakataon ang nagtatanong na ungkatin at tuloy busisiin ang pangangailangan (o kawalang-halaga) ng pagte(teorya) bilang kasangkapan at padron sa paglikha ng karunungan. Kaakibat ng kakayahang ito ang "kasanayang mag-alok" ng kakaibang kamalayan sa kaayusan ng pag-iisip at pagninilay na uusbong.

## EKSKURSO: PAKIKIPAGKAPUWA BILANG DIWA NG *FILIPINO PSYCHE*

Masusukat nang lubos ang layo ng pagitan sa gitna ng teorya at katwiran bilang antipara ng pagtatalakay ng *pakikipagkapuwa*. Subalit hindi sa makipot na layuning ito tatapusin ang kapakinabangang ito. Upang lubos na pasinayaan ang "usbong na pagtatáya" bilang adhikain ng pagpapayabong ng kabuluhan ng Sosyolohiya sa bansa, gagamitin ko ang "pakikipagkapuwa" bilang isang yuristika na tutuhog sa natitira pang piling panuntunan ng antas ng tangkang ito. "Diwa" ang naisip kong pinakaangkop na pang-uri sa dulog na ito sapagkat ang mga pasinaya (*affordances*) ng pakikipagkapuwa ay hindi maaaring kulungin (o di kaya ay ipako) ng esensiya nito bilang isang tipikal na konsepto sa hanay ng talasalitaan ng Agham Panlipunan sa Pilipinas. Ang paggamit ng pakikipagkapuwa bilang isang katwiran ay makapagbibigay ng pagkakataon sa mga Filipinong sosyolohista na hawiin ang may "sa-tagabulag" na lambong (ideolohiya) ng pagte(teorya) na sa kasalukuyan ay nananahan sa kambal na anyo ng *structural functionalism* at *social conflict* bilang normatibong lente ng pagsipat sa kalagayan ng lipunan at ng mga ugnayang nilalaman nito.

Kung tutuusin, ang pakikipagkapuwa ay hindi kumakatawan sa isang niyutral na konsepto; sa tunay na buhay ng mga Filipino, ang pakikipagkapuwa ay isang nanunuot na diwa sa altar ng kanilang kultural at pambansang psyche. Ang pagpili sa pakikipagkapuwa bilang ehersisyo ng pagsasagawa ng "usbong na pagtatáya" bilang dulog sa pagpalawig ng kabuluhan ng Sosyolohiya sa Pilipinas ay salig sa nabanggit na kadahilanan. Bilang pasubaling paglilinaw, ang pakikipagkapuwa ay hindi isang binakurang teritoryo ng disiplinang Sikolohiya o ng Kasaysayan, taliwas sa hayag nitong reputasyon sa kalipunan ng mga espesyalista ng lipunan. Hindi maitatanggi (at aminado ako) na ang mga matinding talastasan at mabigat na debate hinggil sa kayarian, gamit, sukatan, limitasyon, at pang-aabuso sa aplikasyon ng pakikipagkapuwa, ay naunang naganap (at patuloy pa ring nagaganap) sa loob at gilid ng Sikolohiya (Pe-Pua 50-51; Pe-Pua and Protacio-Marcelin 2000; Javier, *Pakikipagkapwa* 20;

Yacat 12; Manalastas n.pag.) at Kasaysayan (Salazar 2000), at manaka-naka, sa pintuan at pasilyo ng Sosyolohiya (Erasga,*"Pakiramdaman"* 95), Pilosopiya at Humanidades. Bukod sa pagiging popular na terminolohiya sa wikang Filipino, ang pakikipagkapuwa ay maituturing na pamilyar na kamalayan sa pangkalahatang pag-iisip ng mga Filipino.

Ang katagang pakikipagkapuwa ay hindi lamang matatagpuan sa eksklusibong talasalitaan ng mga Agham Panlipunan at Humanidades sa bansa at sa mga pananaliksik at lathalain na kanilang ginawa. Maririnig din ito bilang bukambibig na paksa ng kuwentuhan sa mga pormal at ordinaryong umpukan, sa mga homiliya, sermon, at pampublikong kapahayagan ng mga taong simbahan (Benitez par. 792), gayundin sa diskurso at teksto ng mga polisiya ng pamahalaan at ng mga sangay nito (Taguibao par. 3-4). Ang pakikipagkapuwa at mga kauring konsepto nito ay sinasamo bilang tatak ng Filipinong pagkatao tulad halimbawa ng sa isang modyul sa paaralan (Department of Education 2013), nasyonalismo at patriotismo (Bituin halaw kay Jacinto 1). Higit sa lahat, ang pakikipagkapuwa ay isang "pagpapahalagang-ugat" (*root value*) na nagsisilbing alampay at balangkas ng kaayusan ng mga pagpapahalaga (*set of values*) sa Pilipinas: ang "ayos" at "usap" (Mercado 162-163) at "lagay" at "lakad" (Miranda-Feliciano 3-4)—kaaya-aya man o kahina-hinalang pagpapahalaga ay magkahalo, sabay at walang ligalig na kinukupkop ng mga Filipino sa anyo at diwa ng pakikipagkapuwa—ebidensya ng malawak nitong saklaw bilang isang kamalayan (Erasga,*"Pakiramdaman"* 99). Bilang pagkilala sa malalim na pagkakaukit ng pakikipagkapuwa sa altar ng tinatawag na "Filipino psyche," minarapat kong gamitin ito bilang sangkalan upang "ihanda" ang mga sahog sa pagluluto ng kakaibang putahe ng talastasang hahamon sa mapambulag na ideolohiya ng pagte(teorya) partikular sa Sosyolohiya at sa kalakhang Agham Panlipunan sa Pilipinas.

Ang pakikipagkapuwa, taliwas sa umiiral na diskusyon, ay isang di-pangkaraniwang kaisipan sa diwang Filipino. Sa isang mababaw na pagpapakahulugan, maaari itong tingnan bilang isang tradisyon ng pakikipag-ugnayan ng dalawa at higit pang Filipino (*hal*. pakikipagkapuwa-tao) (Javier, "*Madaling Maging Tao*" 47); maaari din itong basahin bilang kalidad ng relasyong nagkakabit ng isang kaakuhan (sarili) sa iba (*kapwa*) (Guevarra par 3-4). Ang hilatsa ng umiiral na literatura sa pakikipagkapuwa ay simplistikong tumutukoy sa pakikipagkapuwa bilang isang konstrak o termino na kumakatawan sa isang kaisipan. Kung kaya't mapapansin na ang lundo ng paggamit dito ay kalimitang umiikot sa katangian nito bilang isang representasyon.

Ayon kay Javier (2015),isang sikolohistang eksperto sa pananaliksik at literatura ng pakikipagkapuwa, ang pakikipagkapuwa ay nauugat sa konsepto ng "kapuwa"—isang kultural na pagtingin at pagtuturing sa "iba" bilang likas na kaugnay ng "sarili." (Guevara 5). Ang unlaping "pakikipag" ay nagbabadya ng walang katapusang proseso ng pag-uugnay

kung kaya't ito, patuloy ni Javier, ay tinataglay bilang isang "mithiin." Ang pakikipagkapuwa, paglilinaw pa ni Javier, ay hindi katangi-tangi sa kulturang Filipino. Ito ay matatagpuan sa iba't ibang anyo at samot-saring manipestasyon sa ibang kultura. Ang nagpapabukod-tangi sa konsepto ng kapuwa sa konteksto ng Pilipinas ay ang pagkakaroon nito ng tiyak na katawagan sa wikang Filipino. Sa ibang salita, natumbok ng ating wika ang esensiya ng konseptong ito.

Ang teorya ay may tatlong sangkap: (i) *ontolohiya* (ano ang kalikasan ng kaakuhan), (ii) *epistemolohiya* (ano ang lehitimong karunungan tungkol sa kaakuhang ito), at (iii) *metodolohiya* (ano ang angkop na pamamaraan upang kumalap ng katunayan ng karunungang ito?). Sa konteksto ng pakikipagkapuwa, ang normatibong latag na ito ng teorya ay hindi katanggap-tanggap sapagkat ang bawat sangkap ay pinapaderan mismo ng kani-kanilang tampok na saklaw (Talahanayan 4). Pansinin na ang ontolohiya ay hindi maaaring panghimasukan ng paglikha ng karunungan—tanging papel na ginagampanan ng epistemolohiya. Sa kaparehong dahilan, hindi maaaring kantiin ng metodolohiya ang epistemolohiya sapagkat ang layunin ng una ay kumalap ng ebidensiya na magpapatibay sa karunungang balwarte naman ng huli.

**Talahanayan 4**
**Ang Pakikipagkapuwa Bilang Usbong na Pagtatáya**

| | PAGTATÁYA sa... | NILALAMAN |
|---|---|---|
| **PAKIKIPAGKAPUWA** | Ontolohiya (nauugat sa *kapuwa*) | Ang *kapuwa* ay hindi isang obhetibo o panlabas na entidad. Bagkus, ito ay *kalidad ng diwa* na nalilikha ng pinasisinayaang ugnayan ng sarili at ng iba. |
| | Nousolohiya (itinataguyod ng pag-*unawa*) | Higit na tumutukoy sa *kaunawaan* (Gk. *nous*) hindi sa karunungan tulad ng sa tradisyonal na epistemolohiya. Ang pag-unawa ay itinataguyod sa bawat yugto ng paglikha ng kapwa sa iba't ibang konteksto ng ugnayan. |
| | Metodolohiya (ang pananaliksik ay isang *konteksto*) | Ang proseso ng paglikom ng datos ay hindi lamang isang gawain ng pag-aaral, bagkus ang pananaliksik ay isa sa marami at maaaring *konteksto* ng paglinang ng kapuwa. Ang datos naman na nalilikom mula sa pananaliksik ang nagsisilbing bukal ng *karunungan*. |

Samantalang ang pakikipagkapuwa, bagama't binubuo din ng halos kahalintulad na tatlong sangkap ay kakikitahan ng dalawang kakaibang katangian: *una* ay ang likas na hugpungan ng mga sangkap sa paglikha ng iba't ibang anyo at antas ng kapuwa; at *pangalawa*, at kaugnay na katangian—ang "pananawid ng kapuwa" bilang ugat na penomenon sa hugpungan ng mga sangkap. Pansinin na ang ontolohiya ng

pakikipagkapuwa ay nauugat sa isang tiyak at hayag na penomenon (kapuwa) at hindi sa isang di tiyak na esensiya (*being*). Dahil hindi karunungan, kundi pag-unawa hinggil sa paglikha ng kapuwa ang mithiin, hindi epistemolohiya (Gk. *episteme* = knowledge) ang tatak ng pangalawang sangkap, sa halip ay "nousolohiya" (Gk. *nous* = understanding) ang ipinalit na sangkap. Ang pagunawa (*verb*), kung ikokompara sa karunungan (*noun*), ay hindi nililikha at pagkatapos ay lalapatan ng kahulugan upang maging karunungan. Ang pag-unawa ay ginagabayan ng isang "layunin" na makamit ang isang kalagayan– ang umunawa at magpaunawa. Maaari din itong ituring na isang "mithiin" na ginagawang giya sa pang-araw-araw na pakikihalubilo at pakikisalamuha. Ang huling kaisipan ay nagpapatibay sa nosyon ng pakikipagkapuwa bilang isang mithiin tungo sa pagkakapantay-pantay (*equality*) alinsunod sa pagpapahalaga sa iba bilang katungko ng sarili; isang tunay na imahinasyong may moral (Guevara 5).

Ang metodolohiya ay hindi ginigitgit ng rekisito ng pagkalap ng katunayan upang bigyan ng bigat at halaga ang karunungan tungkol sa esensiyang binuo ng ontolohiya. Ito ay sa kadahilanang sa antas na ito ng pakikipagkapuwa hinuhugot ang karunungan. Taliwas sa kaso ng teorya na ang metodo ay hindi sangkot sa paglikha ng karunungan, bagkus sa pagkalap lamang ng katunayan. At katulad ng sa dalawang naunang sangkap, ang metodolohiya ay nakatuon din sa kapuwa; lamang, ang kiling ay sa sitwasyon at kontekstong kinasasadlakan ng ugnayan. Ang pananaliksik bilang proseso ng paglikom ng datos ay isang "pagkakataon" ng pagkilala sa diwa ng kapuwa at sa paglikha ng karunungan (Aguiling-Dalisay 12).


Samakatwid, ang penomenong pinag-aaralan, ang mga estratehiya sa paglikom ng datos, at ang nananaig na relasyon sa pananaliksik (*Krokis 1*) ay pinapatnugutan ng iba't ibang antas ng kapuwa na masusukat sa agwat (i.e. lapit at layo) ng kalooban (Santiago at Enriquez 158) sa pagitan ng apat na katauhang sangkot sa proseso ng pananaliksik: ang (i) "mananaliksik" at ang kaniyang mga (2) "kasapi;" ang (3) "kalahok"at ang kaniyang mga (4) "karatig."

Sa literatura ng pakikipagkapuwa, ang pang-una at pangatlong entidad lamang ang isinama. Subalit ang pananaliksik ay hindi isinasakatuparan ng mananaliksk at ng kalahok lamang gaya ng karaniwang tingin dito; nagiging matagumpay ang isang pananaliksik (lalo na sa *fieldwork*) dahil sa mga tulong na ambag ng mga kasapi ng mananaliksik tulad ng kanyang mga Research Assistants (RAs), mga empleyado sa paaralan o opisina na nag-aasikaso ng mga papeles ng pag-aaral (e.g. proposal processing at budget request) at ang literal na pag-usad ng mga papeles na ito sa mga tanggapan ng pamunuuan na magbibigay ng *imprimatur* (approval/disapproval). Sa panig naman ng mga kalahok, ang mabilis at episyenteng pagsasaayos ng pananaliksik ay bunga ng mabilis na pag-aasikaso ng mga taong nagsisilbing

*facilitators* ng mga aktibidades at programa ng pag-aaral – ang mga "karatig." Kasama sa mga aktibidades na ito ang paghahanap at pagkausap sa mga potensiyal na mga kalahok. Sila rin ang nag-aasikaso ng lehitimong pagpasok (*entrée*) ng pangkat ng mananaliksik at ng kaniyang mga kasapi sa komunidad.

**Krokis 1**

**Apatang Relasyong Pangkapuwa sa Konteksto ng Pananaliksik**




Ang huli ay kadalasang nagsisimula sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot sa lokal na pamunuan (tanggapan ng Alkalde, opisyales ng barangay, atbp). Maaari din silang magsilbi bilang mga *interviewers* at *translators* sa mga sitwasyong sagabal / usapin ng diyalekto ng mga kalahok at karatig. Tinawag ko silang "karatig" sapagkat hindi sila tahasang kasali bilang kalahok, subalit ang kanilang pagsisilbi ay lubhang napakahalaga sa proseso ng paglikom ng datos at sa paggagarantiya na ang datos na malilikom ay sapat at tapat sa layunin at rekisitong itinakda ng pag-aaral. At kung lokasyon (*physical proximity*) din lamang ang pag-uusapan, di hamak na mas malapit sila sa mga kalahok kaysa mga mananaliksik. Sa bisa ng kanilang lapit – mapa-lokasyon man o mapa-relasyon vis-à-vis mga kalahok, maaari silang tingnan bilang kritikal na resorses sa pananaliksik.

Sa pangkalahatan, hindi maitatatwa ang kaisipan na ang pakikipagkapuwa bilang katwiran (at hindi isang teorya) ay umiinog sa esensiya ng kapuwa—tumatagos bilang

hangarin na unawain ang sarili at ang iba, at sa proseso, ay paigtingin ang "mithiin na maging isang ganap na kapuwa sa iba." Ang ganitong kiling ng pagnanais ay nararamdaman maging sa pangkalahatang oryentasyon ng pananaliksik, sa bawat estratehiya na ginagamit sa pangangalap ng datos at pagpapahalaga sa mga ito, at maging sa kalidad ng ugnayan sa pagitan ng mga katauhan sa pananaliksik tahasan man o hindi.

## PASUBALING PAGNINILAY: MGA HAMON AT PAGKAKATAON HINGGIL SA MGA HUGPUNGAN NG TATLONG ANTAS AT ANG KASANAYAN NG PANANAWID SA MGA HUGPUNGANG ITO

Bilang awtor, napakalakas ang tukso sa akin upang tuldukan ang paglalahad gamit ang inaasahang tono at laman ng isang tipikal na paglalagom. Gayumpaman, minabuti kong itugma ang paglalagom sa hilatsa ng paksa at ang kinakailangang pagbabago. Kaya't maaaninaw sa pamagat ang ganitong saloobin at pangamba. Subalit aking iuugnay sa bawat saloobin ang katugmang pagkakataon (*opportunities*) upang hubugin ang mga pangamba bilang mga mapagpasinayang hamon (*constructive challenges*). Tutumbukin ng mga hamon ang pagsasagawa ng pagninilay na kaayon ng mga rekisito ng "usbong na pagtatáya." Nais kong linawin, sa simula pa lamang, na ang mensahe at tema ng artikulo ay hindi para diyusin ang antas na ito (na para bang ito na ang pinakasukdulan ng pagtatangka na maaaring gawin). Sa halip ay ipakita na ang pagpapalawig sa katuturan ng Sosyolohiya sa Pilipinas ay magiging isang makatwiran at mahusay na adhikain kung ito ay gagabayan ng matalinong "pananawid sa hugpungan" ng tatlong antas at hindi lamang ang pagtungo sa pinakamataas na antas (at sa huli ay mapako na roon).

Ang pananawid sa tatlong antas ng pagtatangka na linangin ang tradisyon ng Sosyolohikong pananaw sa bansa ay hindi isang birong proyekto. Ang pagpapasiya ay likas na nakalagak sa kalidad ng disposisyon at pagkatao ng indibidwal na sosyolohista. Hindi ito maaaring ipangalandakan bilang ipinasusunod na panuntunan sapagkat ang pagpapasiya, kung gagawin man, ay mas maraming kalakip na "sakripisyo" kaysa inaasahang "benepisyo." Ano-ano ngayon ang mga sakripisyong ito? Dalawa ang aking naiisip; ang bawat isa ay tumutugon hindi sa pangangailangan nito, kundi sa kumbiksiyong nagkukubli sa mga sumusunod:

Una, hindi madaling gawin ang pananaliksik na umiiral sa usbong na antas sapagkat hindi pa ganap at tukoy ang mga alituntunin at estruktura ng ganitong uri ng programa. Ang larawan ng usbong na pagtatáya na aking iginuhit sa itaas ay pawang huyag na pahimakas at nagtataglay lamang ng mga henerikong layunin at hindi ng mga

partikular na pamamaraan at prinsipyong gabay. Maging ang ugnayan ng tatlong–ugnayang susi sa mahusay at matagumpay na pananawid sa puno't dulo ng mga antas ay pahapyaw na nailatag at kailangang susugan ng mas malinaw at hakbang na madaling sundan. Sa isang pagsipat, ang pagpapasinaya sa "usbong na pagtatáya" ang maaaring katugunan, sa aking palagay, sa kagahulan ng mungkahing *sociological imagination* ni C. Wright Mills–isang pamosong kritiko at sosyolohista sa Amerika. Ang *sociological imagination* ay tumutukoy sa kakayahan ng isang indibidwal na arukin ang salikupan ng kaniyang personal na buhay at ng mga pangyayari sa kanyang lipunan. Ang salikupang ito ang magbibigay sa kaniya ng pagkakataon upang matanto na ang kaniyang mga pagkabalisa (*personal troubles*) ay karugtong ng mga nangyayari sa lipunan (*public issues*) (Mills 5-13). Nasabi ko na gahol ang alok na ito ni Mills sapagkat hindi siya naglatag ng malinaw at detalyadong alituntunin kung paano isasagawa (to *execute*), papatnugutan (to *document*) at linangin (*to process*) ang ganitong gawaing pag-arok sa tagpuan ng biyograpiya at kasaysayan (Erasga, *"Lives"*99-100). Ang kaugnay na hamon, kung gayon, ay nakatuon sa pagkilates sa dinamika ng ugnayan ng tatlong antas at ang karampatang bilis/bagal ng pananawid sa kanilang mga hugpungan. Dapat isaalang-alang na kapuwa ang pagkilates sa hilatsa ng ugnayan at pamamaybay sa pagitan ng kanilang taludturan ay inaasahang magbibigay-anyo sa isang kasanayan na magpapanday sa panuntunang gabay sa praktis ng usbong na pagtatáya.

Pangalawa, ang mga karangalan na nakaluklok bilang biyaya mula sa praktis at pagkahirati sa gawi ng dalawang unang antas ay maaaring ituring na sagabal sa pagpapasinaya ng usbong na pagtatáya. Sa kasalukuyan, ang dangal ng akademikong titulo at ranggo ng isang sosyolohista ay kinikilates at sinusukat sa dami ng nasabing mga biyaya. Kung tutuusin, kung "buhay at kabuhayan" ang magiging kapalit ng ganitong adbokasiya, mukhang makipot ang lahat ng daan para tahakin patungo sa usbong na landasin. Ito marahil ang masasabing "hamon ng mga hamon" sapagkat dito nakasalalay ang pinakamahalagang aspekto ng praktis ng propesyon–ang benepisyong pangkabuhayan ng pagiging isang sosyolohista at intelektuwal. Kaakibat ng pagpapasiya ay ang hamon ng panghihimok at ebanghelismo upang dumami ang kapanalig at kakampi at lumawak ang sakop ng pagtanggap. Ang panghihimok ay nangangailangan ng lakas-ng-loob at epektibong *modus operandi* upang ipaunawa ang *nondescript* na ganansiya ng ganitong layunin. *Nondescript* sapagkat hindi lang nito iaangat ang kultura ng pananaliksik sa Pilipinas tungo sa kasunod na mataas na antas (isang pangkaraniwang disenyo ng paglaki); lilikha din ito ng bagong sari ng asal na tapat sa prinsipyo ng tinatawag na "*lifelong learning*" na hindi lang matatagpuan sa mga moog ng akademya (bilang eksklusibong diskurso ng mga paaralan), kundi sa gilid at labas ng mga bakuran nito.

## TALA

[1] Ang sumpa ng "pagpapatumpik-tumpik" ay lutang na lutang sa walang humpay na pag-ako ng Sosyolohiya sa identidad nito bilang isang "agham/siyensiya" sa kabila ng kabatiran nito sa kakulangan nitong ilapat nang buong-buo ang unibersal na prinsipyo ng ugnayan (kung mayroon man) bilang katapat ng unibersal na prinsipyo ng kalikasan. Isinasakatuparan ang pag-akong ito sa pamamagitan ng masugid na paglalatag ng mga susing panunutunan tungkol sa kayarian ng lipunan at sa salimuot ng ugnayang umiinog sa loob nito gamit ang epistemolohiya at metodo ng natural na siyensiya. Ang pagtukoy sa unibersal na prinsipyo ng ugnayan na pinilit tuklasin ng *theory construction movement* sa Estados Unidos noong dekada 70 (na siya ring naging dahilan ng kanilang di inaasahang pagkakabuwag) ay isang patunay sa pagkukubli ng Sosyolohiya sa anino ng siyensiya (*tingnan si* Zhao 317).

[2] May mga nagpalagay na ang "Pantayong Pananaw" ay instrumental sa inisyal at tuluyang pagkabuo ng "Sikolohiyang Pilipino" sa Pilipinas na nagsimulang umiral noong dekada 1980 (Sta. Maria 108).

## SANGGUNIAN


Aguiling-Dalisay, Grace. "Sikolohiyang Pilipino sa Ugnayang Pahinungod: Pakikipagkapwa at Pagbabangong-Dangal ng mga Pilipino." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* 19.2 (2013): 55-72. Print.

Baas, Michiel, Ariel Lopez and Yedda Palemeq. *Postcolonial Dialogue(s) Crossed and Parallel Identities in Former Colonizing and Colonized Societies*. Amsterdam: International Institute for Asian Studies (IIAS), 2011. Print.

Bailey, Gordon and Gayle Noga. *Ideology: Structuring Identities in Contemporary Life*. Canada: Broadview Press, 2003. Print.

Benitez, J.S. "Chapter 15 – The Christian Law of Life-Giving Love." 10 Feb. 2012. Web Blog.

Bituin, Gregorio. "Liwanag at Dilim 1 - Sa Anak ng Bayan" Mga Tula ni Gregorio Jacinto. 20 Oct. 2008. Web Blog.

Church, Timothy and Marcia Katigbak. "Indigenization of Psychology in the Philippines." *International Journal of Psychology* 37.7 (2002): 129-148.Print.

Clemente, Jose Antonio et al. "Revisiting the Kapwa Theory: Applying Alternative Methodologies and Gaining New Insights." *Philippine Journal of Psychology* 41.2 (2008): 1-32. Print.

David, Randolf. "Sociology and Development Studies in the Philippines." *Philippine Sociological Review* 30.1-4 (1982): 15–32. Print.

Enriquez, Virgilio G. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Quezon City: U of the Philippines P. 1992. Print.

Erasga, Dennis S. "When Story Becomes Theory: Storytelling as Sociological Theorizing."*Asia Pacific Social Science Review* 10.1 (2010): 21-38. Print.

---. "Lives in Fiction: Auto/Biography as Theoretical Narratives." *Asia Pacific Social Science Review* 14.2 (2014): 94-111. Print.

---. "Pakiramdaman: Isang Tatak-Filipinong Lapit sa Pagdadalumat sa Sosyolohiya (A Filipino Brand of Reflective Inquiry in Sociology)." *Humanities Diliman* 12.1 2015: 78-105. Print.

Giddens, Anthony. *Sociology*. Cambridge: Polity Press, 2006. Print.

Guevara, Jaime. "Pakikipagkapwa." *Filipino Cultural Traits: Claro R. Ceniza Lectures*. Ed. Rolando M. Gripaldo. Washington D.C.: Council for Research in Values and Philosophy, 2005. Print.

Hewitt, Regina. *The possibilities of society: Wordsworh, Coleridge and the Sociological Viewpoint of English Romanticism*. Albany: SUNY Press, 1997. Print.

Hirschman, Alberto O. "The Search for Paradigms as a Hindrance to Understanding." *World Politics* 22.3 (1970): 329-343. Print.

Javier, Roberto E. Jr. "Madaling Maging Tao, Mahirap Magpakatao. Paninindigan, Pagpapakatao, at Pakikipagkapwa-Tao." *Malay* 22.2 (2010): 45-56. Print.

---. *Pakikipagkapwa: Pilipinong Lapit sa Pananaliksik (Pamumuno, Pagsasakapangyarihan, Pangkamamamayan, Pananagutang Panlipunan, at Pakikipamayapa)*. Quezon City: Central Book Supply, 2012. Print.

---. Personal na pakikipag-usap. 12 Oct 2015.

Lepenies, Wolf. *Between Literature and Science: The Rise of Sociology*, Trans. R. J. Hollingdale. Paris: Cambridge UP, 1988, Print.

Maasen, Sabine, Everett Mendelsohn and Peter Weingart. ed. *Biology as Society, Society as Biology*. New York: Springer, 1995. Print.

Manalastas, Eric Julian. "Acts of Pakikipagkapwa: A Proposal Using the Act-Frequency Approach." Annual Convention of the Psychological Association of the Philippines, Dumaguete City. 2009. Print.

Mangubat, Patricio. *Ako ay Pinoy—Regalong Tula Para sa Aking Kapwa Pilipino*. 24 Dec. 2009. Web.

Mazlish, Bruce. *A New Science: The Breakdown of Connections and the Birth of Sociology*. New York: Oxford UP, 1989. Print.

Mendoza, Lily S. "Ang Usaping Pang-wika sa Bagong Yugtong Pantayong Pananaw: Ang Panloob na Hamon ng Pluralism. *Social Science Diliman* 7.1 (2011): 37-62. Print.

Mercado, Leonardo M. *The Filipino Mind: Philippine Philosophical Studies II*. Washington D.C.: The Council for Research in Values and Philosophy, 1994. Print.

Miller, Elaine P. *The Vegetative Soul. From Philosophy of Nature to Subjectivity in the Feminine*. New York: State U of New York P, 2002. Print.

Mills, C. Wright. *The Sociological Imagination.* Oxford: Oxford UP, 1959/2000. Print.

Miranda-Feliciano, Evelyn. *Filipino Values and our Christian Faith*. Manila: Overseas Missionary Fellowship, 1990. Print.

Navarro, Atoy, Mary Jane Rodriguez and Vicente Villan. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan. Pambansang Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod ng Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000. Print.

Nigg, Charles. *A Tagalog-English, English-Tagalog Dictionary*. Manila: Imprenta De Fajardo Compound, 1904. Print.

Nightingale, Andrea W. "On Wandering and Wondering: Theoria in Greek Philosophy and Culture." *Arion* 9.2 (2001): 23-58. Print.

Pe-Pua, Rogelia and Elizabeth Protacio-Marcelino. "Sikolohiyang Pilipino (Filipino Psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez." *Asian Journal of Social Psychology* 3 (2000): 49–71. Print.

Philippines. Dept. of Education. *Edukasyon sa Pagpapakatao: Modyul Para sa Mag-aaral*. Manila: Vibal Publishing House, 2013. Print.

Salazar, Zeus. "Pantayong Pananaw: Kasaysayang Pampook, Pambayan at Pambansa." Ed. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez at Vicente Villan. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lungsod ng Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000. 35-53. Print.

Santiago, Corazon and Virgilio G. Enriquez. "Tungo sa Makapilipinong Pananaliksik." Ed. Rogelia Pe-Pua. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. Quezon City: U of the Philippines P, 1982. 155-10. Print.

Sta. Maria, Madelene. "Is the Indigenization Crisis in Philippine Social Sciences Resolved in Sikolohiyang Pilipino?" *Layag* 1.1 (1996): 101-120. Print.

Swedberg, Richard. "Theorizing in Sociology and Social Science: Turning to the Context of Discovery." *Social Theory* 41 (2012): 1-40. Print.

Taguibao, Jalton G. "Ang Kapwa, Loob, at Ugnayang Pulitikal ng Pangulo at Mamamayan Batay sa Pagsusuri ng mga Talumpati ng Pangulo mula 1986 hanggang 2013." *Diwa E-Journal* 1.1 (2013). Web.

Yacat, Jay A. "Tungo sa Isang Mas Mapagbuong Sikolohiya: Hamon sa Makabagong Sikolohiyang Pilipino." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* 19.2 (2013): 5-32. Print.

---

**Dennis Erasga** <dennis.erasga@dlsu.edu.ph> is Full Professor of Sociology at the Behavioral Sciences Department, De La Salle University, Manila. He teaches introductory sociology and science, technology, and society (STS) at the undergraduate level and social theory courses at the graduate level. Erasga is the proponent of Pilipinong Sosyolohiya (Sociology by Filipinos), a nationalist sociology that uses the Filipino culture and history as predisposing criteria to assess both the local consequence and national suitability of sociology as a discipline born and bred in the West.